# KALOOB SINING BISWAL

Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman

## *Online Exhibition*

*The online component of the exhibition of visual artworks by artist-scholars of the University of the Philippines Diliman*



KALOOB SINING BISWAL

Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman

*Online Exhibition*

*The online component of the exhibition of visual artworks by artist-scholars of the University of the Philippines Diliman*

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

# / TABLE OF CONTENTS


05 MENSAHE MULA SA TSANSELOR / MESSAGE FROM CHANCELLOR
PROP. FIDEL R. NEMENZO, D.SC.

06 MENSAHE MULA SA DIREKTOR NG OICA / MESSAGE FROM OICA DIRECTOR
PROP. CECILIA S. DE LA PAZ, PH.D.

07 KALOOB MULA AT TUNGO SA BAYAN: ARTISTA-ISKOLAR-MANLILIKHA

09 LIST OF PARTICIPATING ARTISTS

11 EXHIBITION DESCRIPTION

13 ARTWORKS

63 ABOUT OICA ARTIST SUPPORT PROGRAMS

65 ABOUT OICA

67 PASASALAMAT / ACKNOWLEDGMENTS

# MENSAHE

## MULA KAY PROP. FIDEL R. NEMENZO, D.SC.

Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Malugod na pagbati sa eksibisyong KALOOB SINING BISWAL: Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman!

Bilang kayamanan ng unibersidad, naniniwala ako na malaki ang maiaambag ng mga artista-iskolar ng UPD sa pagpapayabong ng sining na may malasakit sa sambayanan, sangkatauhan, at sangkalibutan. Sa pamamagitan ng mga programa na UP Diliman Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program at UP Diliman Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities, hangad ng unibersidad na bigyan ng malakas na suporta ang mga susunod na henerasyon ng mga artista-iskolar ng bayan.

Bilang pasasalamat sa inyong kaloob na sining, binabati ko kayong lahat...

*Para sa dangal at husay;*
*Para sa tumitindig na pitik, galaw, at tinig;*
*Para sa mapagpalayang sining at pananaliksik; at*
*Para sa patuloy na paglikha mula at tungo sa bayan*

Maraming salamat at taas-kamaong pagpupugay,
Artista-Iskolar ng Bayan!

## MULA KAY PROP. CECILIA S. DE LA PAZ, PH.D

Direktor ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining

Mula ng mapagtibay ng UP Board of Regents ang mga UPD-OICA ARTIST SUPPORT PROGRAM noong 2017, tulad ng UP Diliman Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (UPD VACSSP) at UP Diliman Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (UPD CCTGACH), adhikain ng unibersidad na pagyamanin ang karunungan at pagkamalikhain ng mga artista-iskolar ng bayan. Mahigit 400 na estudyante na ang nakinabang sa mga programa na ito sa pamamagitan ng *tuition fee waiver* o *stipend*, o kaya ay *thesis grants*.

Sa pagbubukas ng unang eksibisyon ng mga artista-iskolar ng UP Diliman, nagpapasalamat ang unibersidad sa matibay na tindig at tinig ng mga bagong henerasyon ng mga iskolar ng bayan. Nakatataba ng puso na masilayan at maranasan ang mga likhang-sining na kasama sa eksibisyon bilang mga kinatawan ng mas malawak na komunidad ng mga artista-iskolar ng UP Diliman, sa loob at sa labas ng *campus*. Nawa'y maipagpatuloy ninyo ang inyong sining at gawaing pananaliksik sa mga susunod na panahon at sa anumang larangan ng buhay.

Malugod na pagbati at mabuhay ang sining Pilipino!

# KALOOB
## mula at tungo sa Bayan

Ang konsepto ng KALOOB na maaaring mangahulugang, 'handog, ambag, regalo, alay, donasyon, pamana, alaala,' ay nagbibigay-diin sa pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng diwa ng pagbibigayan at pakikipagkapwa. Nabibigkis ang isang pamayanan at bayan sa pamamagitan ng mga gawain na nagpapahalaga sa kalooban ng bawat miyembro nito kung kaya't ang mga likhang sining na naka-ugat sa karanasan ng bayan ay dapat pagyamanin. Sa gitna ng pandemya at mga problemang pangkalikasan, panlipunan, pangkabuhayan, at pulitikal, kasama na ang pagpigil sa karapatan sa malayang pamamahayag sa isang demokratikong bansa, ang mga artista-iskolar-manlilikha ay patuloy na lumilikha ng sining na nagmumula at patungo sa bayan.

Ang festival ay pagkakataon na bigyan ng karampatang halaga ang sining at kultura sa pagpapayabong ng kamalayang makatao, sa mga pamamaraang malikhain na taglay ang perspektibong kritikal na siyang sandigan ng liberal na edukasyon ng Pamantasan. May tatlong dimensyon ang festival:

Una, binibigyang pugay ang mga bagong hirang na Pambansang Alagad ng Sining (Proklamasyon Bilang 1390, na napirmahan ng 10 Hunyo 2022) kung saan lima dito ay kabilang sa komunidad ng UP.

Pangalawa, pinakikilala ang mga gawain at adhikain ng mga mag-aaral ng UPD na silang mga bagong artista-iskolar mula sa Artist Support Programs ng UP Diliman Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining na lumilikha at nagsasaliksik patungkol sa iba't-ibang aspeto ng sining at kultura.

Pangatlo, ginagawaran ng karampatang pagkilala ang mga Manlilikha ng Bayan o Tagapaghawak ng Kaalamang Bayan na nagsusulong ng tradisyunal na kultura sa kani-kanilang komunidad.

*The concept of KALOOB–which can mean 'present, contribution, gift, offering, donation, inheritance, memory'–gives importance to the interconnectedness of Filipinos through the spirit of giving and fellowship. Communities and nations are wrought together by gestures that value each of their members, which is the reason why artworks grounded on this experience of the community and the nation have to be enriched. In the midst of the pandemic; and environmental, societal, economic, and political problems–along with the restrictions on freedom of speech in a democratic country–artists-scholars-makers continue to create art that is from and for the nation.*

*The festival, therefore, serves as an opportunity to give proper value to art and culture and their role in the enrichment of human consciousness, through creative methods from a critical perspective, which serve as the backbone of the University's liberal education. It has three main dimensions:*

*First, honoring the newly appointed National Artists (Proclamation Number 1390 signed on 10 June 2022), of whom five are artist-scholars belonging to the UP community.*

*Second, introducing to the public the young artist-scholars under the Artist Support Programs of the UP Diliman Office for Initiatives in Culture and the Arts (UPD-OICA) who create art and conduct research on various aspects of art and culture.*

*Third, officially recognizing the National Living Treasures or Culture Bearers who continue to promote traditional culture in their communities.*

# PARTICIPATING ARTISTS

Ma. Gabrielle R. Abueva
Luigi Almuena
Ez Arce
Allyster Arroza
Rafael Joy F. Banday
Mycah Y. Bongabong
Justine D. Borlagdan
Erma Dianne T. Decena
Chevy M. Dela Cruz
Justine Delima
Roanne Descallar
Jhomelyn Escobal a.k.a. VIII
Raia Alexis T. Gallardo
Jeryc Garcia
Nicholas Jalea
Katha
Kyle Germane E. Labayan
titat n. ledesma
Andre O. Magpantay
Yllang Montenegro
Romeo Nungay III
Katey Oliva
Annie Dennise Pacaña
Fatima Rabia
CJ Silva

# KALOOB
## SINING BISWAL

Ang paglikha ay isang daluyan at lagusan ng pagtuklas, pagsisiyasat, pagpapalalim, pagpapahayag, at pagtindig. Ipinamamalas ito ng mga artista-iskolar ng Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP) at Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (CCTGACH) sa kauna-unahang eksibisyon na nakalaan upang makilala sila at ang kanilang likhang-sining ng mas malawak na komunidad ng pamantasan.

Binabagtas ng mga artista-iskolar ang sari-saring tanong ukol sa sining, lipunan, at sangkalibutan sa pamamagitan ng kanilang napiling anyo: guhit, pinta (tradisyunal at digital), limbag, *assemblage sculpture*, *photography*, *mixed media art*, at *video art*. Nakaugat ang gawaing ito sa lalim at talas ng kanilang suri, sipat, dama, danas, at unawa sa sarili at sa kapaligiran na kinapapalooban nila. Kaya naman masasabing sinasalamin ng kanilang likha ang natatanging kinatatayuan nila bilang tao at kapwa na kasapi ng lipunan at mamamayan ng daigdig.

Ang pagiging mapanlikha at malikhain ng mga artista-iskolar ang kanilang pinakamatimyas na handog at ambag bilang Artista ng Bayan—taglay ang husay at dangal para sa iba na siyang diwa ng pamantasan.

Katambal ng pisikal na bahagi na nakatayo sa Palma Hall Lobby mula ika-28 ng Pebrero hanggang ika-17 ng Marso 2023, ang *online* na bahaging ito–na nasa porma ng *digital* na katalogo–ay nagpapalawak sa mga publikong maaaring abutin ng eksibisyon.

*The creative practice is a means of exploration, analysis, deepening, expression, and critique. This was demonstrated by the artist-scholars of the Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP) and the Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (CCTGACH) in this first ever exhibition that specifically aims to showcase them and their artworks to the wider community of the university.*

*The artist-scholars ask and attempt to answer various questions surrounding art, society, and the world through their explorations of their chosen artform: drawing, painting (traditional or digital), print, assemblage sculpture, photography, mixed media art, and video art. This activity is rooted in the depth and sharpness of their observation, vision, feeling, experience, and understanding of themselves and the environment that they are embedded in. This is the reason why their artworks reflect their distinct position as an individual in relation to others, as a member of society and as a citizen of the world.*

*The inventiveness and creativity of the artist-scholars are their greatest offerings and contributions as* Artista ng Bayan*–equipped with honor and excellence for others, which is the spirit of the university.*

*Accompanying the physical component mounted at the Palma Hall Lobby from 28 February to 17 March 2023, the online component–in the form of a digital catalog–widens the reach of the exhibition.*

# MA. GABRIELLE R. ABUEVA



***Bintana***, 2023

Digital print
25.5 x 18 inches

May kasabihang, "the eyes are the windows to the soul," at ninanais kong maging bintana ang likhang ito sa damdamin at saloobin ng mga estudyanteng nag-aaral sa kalagitnaan ng pandemya. Madalas ay inaakala ng iba na suwerte ang kabataan sa *distance learning*, sapagkat kami'y nasa bahay lang. Kasama ang paggamit ng Internet, mas lalong inaakala na sisiw lang mag-aral sapagkat nasa iisang *click* lang ang kasagutan sa aming mga katanungan. Ngunit, hindi laging ganito. *Burn-out* at kalumbayan mula sa pag-aaral mag-isa ang kapalit ng inaakalang "maginhawang" kondisyon ng mga estudyante sa distance learning.

# LUIGI ALMUENA



***El Leksyon,*** 2022
Acrylic on canvas
34 x 24 inches

Nagiging aral ba ang pagpili ng tao sa eleksyon? O baka may ibang anggulo para makita ang solusyon?

*Ang likhang ito ay napabilang sa mga finalist ng MADE (Metrobank Art and Design Excellence) Competition 2022.*

# EZ ARCE




***Handog,*** 2023

Gouache
12 x 9 inches

Ang aking mga ideya ng kagandahan ay hinubog ng mga pamantayang ipinapakita sa mga likhang sining sa mga museo at sa mga aklat ng kasaysayan ng sining. Ang nagsimula bilang isang atraksyon sa mga ito ay naging isang pananabik na lumikha ng sariling sining. Ako ay partikular na interesado sa pagpinta ng mga larawang makatotohanan o ilustrasyon. Ang aking mga gawa ay nagsusuri ng iba't ibang mga konsepto batay sa aking mga karanasan at damdamin sa kasalukuyan.

Tinitingnan ko ang paggawa ng sining bilang aking paraan upang tumuklas ng mga bagong ideya at paraan upang gumawa ng talaan ng isang tao o isang partikular na sandali sa aking panahon.

# ALLYSTER ARROZA




## *Marilag*, 2022

Digital print
300 dpi, 11.7 x 16.5 inches

"Marilag"—musmos at inosente pa lamang ngunit sapilitang minumulat ng tunay na buhay. 'Di na mabatid ang pagkakaiba, lumulutang nga lang ba ako o nahuhulog na?

# RAFAEL JOY F. BANDAY



## *Langit sa Lupa*, 2019

Photograph
18 x 23 inches

Sa pagitan ng matatayog na mga gusali at ingay ng mga magagarang sasakyang nagdaraan, nahihimlay sa overpass ang isang musmos; isang batang kasabay ko dapat na nagmamadaling naglalakad patungo sa paaralan. Saan ba tayo dadalhin ng pag-unlad?

# MYCAH Y. BONGABONG




## *Ningning ng Sining, 2023*

Acrylic on canvas
12 x 16 inches

Mayroon tayong mga tinatagong ningning. Tayong lahat ay may pagkakakilanlan at karapatan. Bilang isang artista ng bayan, tungkulin natin ang manilbihan at tulungan ang kapwa-manlilikha. Marami tayong mga pinagdaanan at naging tanda ito ng pagiging matapang. Tayo ang gumawa ng daan patungo sa ating kapalaran. Naaninag natin ang sinag at tayo ay nagpakatatag. Ang ating katatagan ay naging daan upang makagawa tayo ng mga pambihirang obra. Bilang manlilikha, pinagkalooban tayo ng tiwala at kakayahan upang ialay ito sa bayan. Tayo ngayon ay lilikha at siyang ipararating sa masa. Tayo ay patuloy na magiging malaya at mapagpalaya!

# JUSTINE D. BORLAGDAN



## *Departure*, 2022

Photography, digital processing, print
11 x 14.5 inches

There will be instances of wanting to depart, some times more than departing. But one must always remember only when to stay and not more than depart when necessary.

The lashing of the fish nets with the superimposed eye pulls its own trajectory, invoking the desolate magnitude of solstice when one is departing.

The photo was taken on the outskirts of Bulacan where the new aerotropolis is set to be established, causing the devastation of the environment and community in the area.

Evergreen is our Anthropocene. It's time to look back before we turn fish nets into rags of urbanism.

# ERMA DIANNE T. DECENA



**Suntok sa Buwang Pangarap,** 2015

Acrylic on canvas
37 x 25 inches

The painting talks about the hardship and obstacles that hinder you to reach your dream. The paper planes symbolize the attempts to reach it, while the dead trees act as the hindrances. It can be your financial situation, a crisis, or the people around you. The moon is always there in front of you but it is hard to reach. Nevertheless, you keep on trying.

# CHEVY M. DELA CRUZ




***Pabaon***, 2023

Oil on canvas
16 x 12 inches

Binalot na malagkit sa dahon ng niyog ang pabaon lagi sa mga kamag-anak mula sa aming probinsya ng Iloilo. Ang ibos ay nagrerepresenta ng kulturang lokal sa ating bayan kung saan malago ang malagkit na bigas at dahon ng buko. Kapares nito ang asukal na muscovado. Ang paggamit ng dahon bilang pambalot imbes na plastik na nakakatulong sa kalusugan ng kapaligiran ay paraan ng pagbibigay pabalik sa bayan. Madalas ay ibinabahagi namin ang mga ibos sa aming malalapit na kamag-anak at kapitbahay. Masarap ang ibos pang-meryenda, almusal, o simpleng pantawid gutom. Pabaon na pagkain, pabaon na kultura, at pabaon na pagmamahal.

# JUSTINE DELIMA




## *Pinanday ng mga likha: Linya mula sa mga iskrip ni Justine Delima, 2023*

Digital print on canvas
24 x 36 inches

Isang dekada na ang nakakaraan nu'ng magsimula akong magsulat ng mga iskrip sa entablado at pelikula. Naging kakampi ko ang mga papel at lapis sapagkat sila ang lagi kong kasama sa tuwing naiinip, natatakot, at lumalaban ako sa buhay. Masarap magsulat sapagkat ikaw ang diyos sa lahat ng kuwentong gagawin mo. Kung nanaisin mong umulan sa kuwento ay mangyayari 'yon.

Tunay na makapangyarihan ang mga salita lalo na kung galing ito sa iyong karanasan na tulad din ng aking mga linya sa bawat sinusulat kong iskrip na may pinanggagalingan at pinanghuhugutan.

Ang mga linyang nasa likha ay iilan lang sa mga linya na nagawa ko sa isang dekada kong pagsusulat ng iskrip.

# ROANNE DESCALLAR



## *Kalusugan ng Kaisipan sa Gitna ng Pandemya,* 2023

Graphite
28.5 x 22.5 inches

Marami ang naghirap sa pandemya. Mayroong mga na-*stress out*, at nagkaroon ng sintomas ng *depression* at *anxiety*. Ang kalusugan ng pag-iisip ay parte ng kabuuang kalusugan ng isang tao.

Sa aking dibuho ang ating kaisipan ay parang halaman na kailangang alagaan. Sinisimbolo ng ibon ang pandemya o COVID na isang 'di kanais-nais na panahon para sa ating lahat. May kakayahan ang ibon na gumawa ng pinsala sa ating bulaklak (kaisipan) o mag-udyok sa atin na 'di pahalagahan ang ating kalusugan na nagreresulta sa *depression, anxiety,* o *stress*.

# JHOMELYN ESCOBAL A.K.A. VIII




**Pugay,** 2023
Printed digital painting
20 x 10 inches

Isang Iskolar ng Bayan ay nagbibigay galang sa kanyang komunidad. Kung hindi dahil sa kanilang kakayahan, serbisyo, at tulong ay hindi siya makararating sa kanyang kinatatayuan ngayon: isang magtatapos na Iskolar.

# RAIA ALEXIS T. GALLARDO



## *Bahaginang Bayan,* 2023

Acrylic and watercolor on scrap paper
24 x 8 inches


Iba't ibang bahagi ng katawan na binabahagi ng iba't ibang tao at karanasan, bumubuo ng isang larawang bayan.

Hiwa-hiwalay ang mga bahagi ng katawan dahil sa mga tira-tirang papel lamang nakapagpintura ang artista noong unang nag-*lockdown* noong Marso 2020. Sumisimbolo na rin ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga parte sa matinding *social distancing* at *isolation* na naranasan noong mga panahong iyon.

Ngayong patungo na tayo sa *new normal,* isang bagong konpigurasyon ng mga bahagi at panibagong pangangahulugan ang nabuo na naaayon sa kasalukuyang pagtipon at pagbuo muli ng sambayanan.

*Ang isang konpigurasyon ng likha ay nakabilang sa Top 45 semi-finalists ng UNstoppable Youth: Art Competition 2020 ng United Nations Philippines at naitampok sa pisikal na eksibisyon sa Commune Cafe, Poblacion, Makati City.*

# JERYC GARCIA



## *The Drawn Negative,* 2019

Silver gelatin print from a hand-drawn negative
20 x 24 inches

This "impossible photograph" was made using a cameraless process I created for my MFA thesis called the Drawn Negative System. Instead of camera and lens, I used drawing and printmaking methods to produce a hand-drawn negative, which is then used with an analog photographic enlarger to develop a silver gelatin print through the traditional darkroom process. The Drawn Negative System is a photographic method that sidesteps Roland Barthes' requirement of a "necessarily real thing," which he argued must be placed before the lens or else there can be no photograph.

*This work was first exhibited in Garcia's MFA degree show held at the Arts and Design Building of the UP Diliman College of Fine Arts in June-July 2019.*

# NICHOLAS JALEA



## *Malayo Pa, Pero Malayo Na,* 2023

Digital print
16 x 20 inches

Sa pagtahak ng isang indibidwal sa kaniyang panibagong yugto ng buhay, hamon sa kaniya ang pag-aalay ng dangal at husay na pinanday mula sa loob at labas ng pamantasan. Ang ipinamalas na kagalingan at kahusayan ay siyang pag-asang sisibol sa huli na magsisilbing inspirasyon sa nakararami. Inspirasyong manghihikayat na magpatuloy sa tatahaking landas at tagumpay bunga ng ipinamalas na malalim na pagmamahal sa bayan.

Malayo na ang narating, pero malayo pa ang ating mararating. Sisikat ang araw at ang bukas ay mapapasaatin.

# KATHA




## *Undone, Un-done, 2022*

Nails and thread on wooden board
17 x 17 inches

The Philippine flag colors represent the Inang Bayan. The title describes two perspectives: first with "undone," which means being worn out or torn apart. This gives the impression that the material used could be an actual Philippine flag unraveling. Meanwhile, the second perspective emphasizes the prefix "un" in undone, transforming it into a wordplay that means "not done" (yet), almost as if instead of something being ruined, it could be in the middle of being built. These opposing beliefs reflect the political standstill that is plaguing the country, one that shows the real disarray of things, and the other in denial.

# KYLE GERMANE E. LABAYAN



## *I Can't Breathe*, 2021

Watercolor on paper
12 x 18 inches

"I Can't Breathe" portrays the deteriorating human condition and the horrific shared experience of the COVID-19 pandemic, a period full of uncertainty and disarray. The face mask has become such a mundane part of our existence, and it continues to be part of our daily lives as a form of "protection." But at the same time, the face mask can also instill negative emotions—fear, separation, confinement, isolation, and the impending doom of infection. Ultimately, the worn-out appearance of the face masks reflects the current state of the country—chaotic, turbulent, and full of unrest.

# titat n. ledesma






## *interbeing: oneself a leaf,* 2023

Assemblage sculpture
ht. 24 inches, dia. 16 inches

In Buddhist philosophy, "interbeing" pertains to the interconnectedness of all phenomena.

While contemplating the turns and twists of a fallen leaf, I was plunged into a deep awareness that we share the same source of life and energy, and of how all life forms exist one within the other.

# ANDRE O. MAGPANTAY



## *Para sa Bagong Pag-asa*, 2021

Digital print on canvas
36 x 24 inches

The boat is an important symbol in Philippine and Austronesian culture. It represents the ride that transported us to our lands and the ride that will transport us to the end. I live in Nasugbu, Batangas. I studied the boats in my town as well as our fishing culture. I tried to capture them and their interplay with the mundane and the mystical. Indeed, they are vehicles in the physical and spiritual realms of our ancestors. However, they also symbolize the plight of our fishermen who brave the oceans and face threats from other nations while fishing in our own seas.

*The work has been exhibited in the Crosslight Design Art Exhibit of the ASEAN University Network for Culture and the Arts in 2021, and has been featured in the art book* **Panahon ng Paruparo.**

# YLLANG MONTENEGRO



## *Supot na Parisukat,* 2022-2023

Pagbuburda at pananahi
12 x 24 x 7 inches

Ngayong taon, bagamat kaunting humupa na ang usaping pang-kalusugan tungkol sa pandemya na yumanig sa buong mundo ay patuloy pa rin na naghihirap ang mamamayan. Matindi ang patuloy na pagtaas ng inflation rate na nagdudulot ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing pangangailangan ng tao, kaya't hindi na sumasapat ang sahod upang bilhin ang mga ito. Ang supot na parisukat ay pagsasalaysay ng pagkulong sa mamamayan sa apat na sulok ng kahirapan. Walang mailagay sa supot na sana ay makapagbibigay ng lakas upang makapagpatuloy sa buhay.

*Ang mga burda ay mula sa likhang **Elemento ng Kapangyarihan** (2021-2022), isang freestanding 4-in-1 apron/installation sculpture na kasali sa eksibisyong "Tahi-tagning Pagsibol (New Life from Sewn Patches)," Group Exhibit ng KASIBULAN, noong Marso 2022 sa NCCA Gallery. Ang apron/installation sculpture ay nabuo sa pakikipagtulungan ng Amihan National Federation of Peasant Women and Rural Women Advocates mula 2021 hanggang 2022.*

# ROMEO NUNGAY III




## Sulyap ng tagsibol, 2021

Watercolor on Arches paper
18 x 22 inches

Ang obrang "Sulyap ng tagsibol" ay isang palantandaan kung paano tayo hinamon ng pandemya sa lahat ng aspeto ng buhay. Sumasalamin ito sa mapapait na karanasan at aral na natutunan natin mula sa pandemya. Inaalala nito ang mapapait na pinagdaanan ng bawat indibidwal at kung paano natin patuloy na sinusubukang panghawakan ang salitang "pag-asa" sa kabila ng malupit at hindi patas na lipunan. Pinapakita rito kung paano binibigyan ng sining ang bawat isa sa atin ng aral—na ang pighati ay hindi laging pagdadalamhati bagkus, dala rin nito'y aral at masasayang ngiti na babaunin natin sa susunod pang laban sa buhay.

*Ang likhang ito ay napabilang sa mga finalist ng ika-54 na SHELL NSAC (National Student Art Competition)-Watercolor Category.*

# KATEY OLIVA




## *Dios Mamajes, 2023*


Graphite on paper
23 x 35 inches

When I was a kid, my grandmother would always tell me that all they can "pamana" to me are the values that they can imbue through the rich and colorful stories of our family. She said that the family is the center of one's values and our home is the foundation of our humanity. The art piece depicts the heritage embedded on us by our elders. As an homage to the elders of our society, this is my heartfelt gratitude to them. In Ivatan, "Dios Mamahes" or literally translated "God will repay you."

# ANNIE DENNISE PACAÑA







## *Kaleidoscape*, 2018

Moving image projection

KALEIDOSCAPE uses the urban weave of infrastructure (steel frames of billboard structures, railways, wires and electric posts, and pylons) in and around Metro Manila to create a space of contemplation from the city's chaos. It is a critique on connectivity and urban alienation — how the city's complexity affects or influences the thoughts, and consequently, the lives of its inhabitants and it also investigates how perceived external chaos is reflective of internal, personal chaos. Is there a way that we can navigate the chaos of our minds by processing the chaos of our environment?

In further abstracting and distorting the images, creating a kaleidoscopic view, actual reality and imagined reality are juxtaposed to push the boundary of what is real and artificial. A sense of calm from chaos provides a momentary escape from the complexity, congestion, and quick pace of urban life. It brings to the fore the contrast of the self as a single entity versus the multitudes of urban dwellers and multiplicity in the urban setting: the crowdedness of urban life set against a vast city; and slow progress in a fast-paced environment. This work is a counter-mapping of urban experience through its visual urban forms.

*This work was first exhibited in Pacaña's MFA degree show held at the Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum in July 2018, which has led to a new journey of collaborations of the moving image, including dance, music, literature, and even in spatial humanities starting in 2019.*

# FATIMA RABIA





## *Pagkakaisa sa Pagkakaiba,* 2022

Oil on canvas
36 x 24 inches

Sa kabila ng ating pagkakaiba, sinasalamin ng makulay na kultura ng paghahabi ang pamanang magdurugtong sa ating lahat.

# CJ SILVA




## *oombilicus*, 2021

Video art
2560x1440 mp4 video without audio
1 minute, 10 seconds

oombilicus is an intermedia installation anchored on the theme of a garden of loops — where every loop is an expression of hope and showing up amidst a time of dire uncertainty.

The work engages with ideas of expanded cinema brought by the dislocation from the theatrical situation of cinema during the ongoing pandemic. Transgressing boundaries between cinema, games, literature, and the internet, it aims to explore different temporalities, folding in past and future into the present, to activate and engage self-determination against the hegemony of colonial-capitalist linear mechanical time.

*This work was previously exhibited in the "24 Memes Per Second Animation Festival" in 2021 and in the "SCOPE program" of 98B Collaboratory and the "Flame Video Art Fair" in Taipei, Taiwan in 2022.*

# UPD-OICA
# ARTIST SUPPORT PROGRAMS

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga programa ng UPD-OICA, i-scan ang QR code na ito**

*For more information about the UPD-OICA programs, scan the QR code*

Nilalayon ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (UPD-OICA) na pagyamanin ang pagkamalikhain ng mga artista, kritiko, at manggagawang kultural ng pamantasan. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

**UP Diliman Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (UPD VACSSP)**

Binibigyan ng *award* sa anyo ng *tuition waiver* o *stipend* ang mga karapat-dapat na mag-aaral ng sining biswal at mga larangan na may kaugnayan sa pag-aaral ng kultura at mga sining.

**UP Diliman Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (UPD CCTGACH)**

Ginagawaran ng *financial subsidy* para sa tesis o disertasyon ang mga mapipiling mag-aaral ng di-gradwado, gradwado, at doktoradong programa sa mga larangang may kaugnayan sa kultura at mga sining.

**UP Diliman Honorific Award for Student Performing Arts Group (UPD HASPAG)**

Hinihirang ang mga kwalipikadong *student performing arts group* bilang "Official Student Performing Arts Group of UP Diliman" sa loob ng tatlong taon. Sa panahong ito, makatatanggap sila ng *monetary grant* na kanilang magagamit sa kanilang mga proyekto at produksyon.

**UP Diliman Performing Arts Scholarship Program (UPD PASP)**

Binibigyan ng *scholarship* sa anyo ng *tuition waiver* o *stipend* ang mga karapat-dapat na *student-performer* na kasapi ng mga "Official Student Performing Arts Group of UP Diliman." Hinihirang rin silang "UPD Performing Arts Scholar."

### Financial Grants

Ginagawaran ng *financial assistance* ang iba't ibang yunit at rehistradong organisasyong pang-mag-aaral upang isagawa ang kanilang mga proyekto at programa na nakatuon sa malawak na larangan ng kultura at mga sining. Halimbawa nito ang mga malikhaing produksyon, eksibisyon, *educational workshops*, at iba pang *artist support programs*.

*The UP Diliman Office for Initiatives in Culture and the Arts (UPD-OICA) aims to nourish the creative energies of UP Diliman artists, critics, and cultural workers through the following:*

**UP Diliman Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (UPD VACSSP)**

*This award is in the form of a tuition waiver or stipend (for those covered by the free tuition policy) awarded to deserving students in the visual arts and in programs related to arts and cultural critiques/studies.*

**UP Diliman Creative Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (UPD CCTGACH)**

*The grant is a financial subsidy for undergraduate, master's, and doctoral students who are undergoing their theses or dissertations in disciplines related to culture and the arts.*

**UP Diliman Honorific Award for Student Performing Arts Group (UPD HASPAG)**

*This is an incentive program where qualified UPD student performing arts groups are appointed as "Official Student Performing Arts Group of UP Diliman" for a period of three years. During this period, each group receives an annual monetary grant to be used for special projects and productions.*

**UP Diliman Performing Arts Scholarship Program (UPD PASP)**

*This is a scholarship in the form of a tuition waiver or stipend (for those covered by the free tuition policy) awarded to deserving student-performers who are members of an "Official Student Performing Arts Group of UP Diliman." It is also an honorific award with the title "UPD Performing Arts Scholar."*

### Financial Grants

*Financial assistance is given to UPD units and organizations for projects and programs relating to the broad field of culture and arts. These include, but are not limited to, cultural and artistic productions, exhibitions, educational workshops, and other artist-support programs. Grants take the form of partial subsidy and shall not exceed the total project cost. .*

# ABOUT OICA

**Ang Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (OICA)** ay naglalayong isulong ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD) sa prontera ng kultural at artistikong paggawa at pakikipag-ugnayan sa bansa. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng malaya, matingkad, at sari-saring espasyo at oportunidad sa mga alagad ng sining, natutulungang mapagyaman hindi lamang ang kani-kanilang potensyal at talento, kundi pati na rin ang kabuuang makasining at kultural na karanasan sa loob at labas ng Unibersidad.

Sa bisa ng pag-apruba ng Lupon ng mga Rehente ng Unibersidad, opisyal na naitatag ang OICA noong Marso 1999 upang magbalangkas ng mga polisiya, patnubay, at mga programa para sa mga gawaing pangsining at kultura.

Nilalayon nitong magsaayos ng mga programa tungo sa pagpapaunlad ng mga medium- at long-term na panukala para sa sining at kultura, sa konteksto ng misyon at bisyon ng UPD. Ito ay inatasan ring lumikha at kumatig ng mga ugnayang-makasining sa loob at labas ng bansa, at ng karagdagang pondo upang maipagpatuloy ang mga programa nito.

May limang pangunahing tungkulin ang Opisina. Pangunahin dito ay ang pagbalangkas ng mga polisiya at programa para sa mga gawaing pangsining at kultura sa UPD na naglalayong pagyamanin ang mga karanasan ng akademikong komunidad, habang itinataguyod ang makatao at makabayang pagpapahalaga at lumilikha ng kapaligirang kaaya-aya sa tigib na pagsasakatuparan ng mga artista sa kanilang potensyal.

Ikalawa, tungkulin rin nitong maorganisa, mapag-ugnay, at masuportahan ang iba't ibang aktibidad, likhang sining, at mga pangkat sa larangan ng teatro, musika, pelikula, sining biswal, at iba pa; ikatlo ay ang pagsuhay at pagsulong sa bawat artista at artistikong grupo; at ang ikaapat ay mapangasiwaan ang pagpapaunlad ng mga kultural na pasilidad at imprastraktura sa loob ng kampus.

Ang ikalimang tungkulin nito ay maisulong ang UPD bilang pangunahing sentro ng kultura sa Pilipinas.

Upang magampanan ang mga tungkuling ito, ang UPD-OICA ay nagkakaloob ng mga suportang pinansiyal at teknikal sa mga artista, grupo ng mga mag-aaral sa sining at pagtatanghal, at mga inisyatibo mula sa iba't ibang yunit at organisasyon sa pamamagitan ng apat na pangunahing programa nito: *Artist Support*, *Audience Development*, *Venue Development*, at *Cultural Exchange*. Bukas rin ito sa mga kolaborasyon kasama ang iba pang institusyong pangsining at kultura sa iba't ibang proyekto tulad ng mga *workshop*, mga kumperensya, mga pagtatanghal at iba pa.

***The Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA)*** *seeks to advance UP Diliman (UPD) to the forefront of artistic and cultural engagement in the country by providing its artists with rich and varied spaces and opportunities to realize their full potentials while enriching the artistic and cultural experience on campus and beyond.*

*OICA was created by the UP Board of Regents in March 1999 to formulate policies, guidelines, plans, and programs on artistic and cultural activities for UPD.*

*As such, it was envisioned to systematize programs towards the development of medium- and long-term plans for culture and the arts, in the context of UPD's mission and vision. It was likewise tasked to create and sustain domestic and international art linkages and to generate additional funds to sustain its programs.*

*The Office has five major functions. The first is to formulate policies and programs on artistic and cultural activities for the UPD campus that will enrich the experiences of the UPD academic community, and at the same time that will promote humanistic and nationalistic values and create an environment conducive to the full realization of the artists' potentials.*

*The second function is to organize, coordinate, and/or support various artistic and cultural activities or objects at UPD in theater, music, cinema, visual arts, and others; the third is to promote and support the various artists and artistic groups; and the fourth is to plan and oversee the development of cultural facilities and infrastructure on campus.*

*Its final function is to promote UPD as a major cultural center of the Philippines.*

*To do this, OICA provides financial and technical support to artists and art groups, as well as to artistic and cultural initiatives of units and organizations at UPD through four key programs, namely Artist Support, Audience Development, Venue Development and Cultural Exchange. It also supports partnerships with other cultural institutions through collaborative projects such as conferences, workshops, and performances, among others.*

OICA

# PASASALAMAT / ACKNOWLEDGMENTS

**Institutional Partners**

Office of the Chancellor, University of the Philippines Diliman
College of Social Sciences and Philosophy
Campus Maintenance Office

**Office for Initiatives in Culture and the Arts**

Prop. Cecilia S. De La Paz, PhD
*Direktor, UPD-OICA*
*Curator, Bulwagan ng Dangal*

Prop. Maria Bernadette L. Abrera, PhD
Prop. Jose Carlo G. de Pano, PhD
Prop. La Verne C. Dela Peña, PhD
Prop. Francis Carlos B. Diaz
Prop. Shirley V. Guevarra, PhD
Prop. Josefina F. Estrella
Prop. Giovanni Francis A. Legaspi
Prop. Jimmuel C. Naval, PhD
Prop. Fernando dlC. Paragas, PhD
Prop. Grace C. Ramos, PhD
Prop. Marc J. San Valentin
Prop. Henelito A. Sevilla Jr., PhD
*2022-2023 Advisory Board Members*

Mark Louie L. Lugue
*Project Development Associate*

Phoebe Mae D. Rostrata
Maria Lourdes B. Arandia
Johannah Mae O. Razal
Frances Anna V. Bacosa
Christel Love J. Manalo
Cyprian Jeremiah Q. Damot
Esperanza G. Dela Cruz
Luisito R. Mainot
*Staff*

**Exhibition Team**

Prop. Cecilia S. De La Paz, PhD
*Curator*

Mark Louie L. Lugue
*Co-curator*

Frances Anna V. Bacosa
*Managing Curator and Project Coordinator*

Merselle Montes
*Exhibit Coordinator and Documenter*

Nicole Noelle A. Tosoc
*Graphics and Layout Artist*

Mariannel Crisostomo
*Layout Artist*

Emerald F. Manlapaz
*Copyeditor*

Katrina Nicole D. Yap
Rachel T. Siringan
*Exhibit Assistants*

**Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum**

Merselle Montes
Marifi Achico
John Emerson Romanillos
Carlo Franco Maligaya
Roberto Esportuno
*Staff*

**Special Thanks**

Dekano Maria Bernadette L. Abrera, PhD
Kawaksing Dekano Darlene J. Occeña-Gutierrez, PhD
Napoleon Rivera, Jr.
Dina Condino
Querobin Haban